NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Abril 8, 2019



TULA

## HUWAG KANG PIPIKIT MAHAL KO

Ni JOE LAD SANTOS

KUWENTONG PAMBATA

## SI HARING BULAWAN AT ANG BAYANG MAGITING

Ni JON E. ROYECA

NOBELA

## KUNG DUMATING ANG PAG-IBIG

Ni EFREN ABUEG


# CHARO SANTOS

MANILA BULLETIN PUBLISHING

P25

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads





# Ang Pagpapala at Biyaya ng Diyos: Kabutihan sa Kabila ng Kasamaan

**Ni LILIA BORLONGAN-ALVAREZ**

TOTOO ang sinasambit ng mga may pananampalataya: ang lahat ng bagay ay naaayon sa plano at kalooban ng Diyos. Sa lahat ng nangyayari sa buhay ng sangkatauhan, ginagabayan tayo ng Diyos patungo sa pagiging perpekto. Ang tawag dito'y pagpapala at biyaya ng Diyos o *Divine Providence*.

Ayon kay Rev. Herbert de Launay sa kanyang artikulong *Divine Providence: God's care for his people* para sa *website* ng EWTN (www.ewtn.com/faith/teachings/GODB3.HTM), may mga panahong marami tayong problema. "Nariyan ang kasamaan sa mundo – halimbawa, ang pagtuligsa at persekusyon sa mga Kristiyano sa iba't ibang panig ng mundo. Tila iniisip nating hindi dinidinig ng Diyos ang ating mga panalangin sa paraang inaasahan natin. Tila sinusubukan ng mga problemang ito ang ating pananalig sa Diyos. Natutukso tayong mag-alinlangan o tumigil na lamang sa pagdarasal," ani de Launay.

"Sa mga oras na ito, lalong dapat tayong magtiwala sa Diyos na siyang naghahari sa mundo at sa kasayayan nito. Maaaring hindi mangyayari ang mga nais sana nating mangyari. Ngunit dahil sa *Divine Providence*, may nagbubungang kabutihan mula sa kasamaan," dagdag niya.

Ayon pa kay Launay, ang isang halimbawa nito ay ang kuwento ni Jose (anak ni Jacob) sa Lumang Tipan. Mababasa natin na ipinagbili si Jose ng kanyang mga kapatid bilang alipin sa Ehipto. Ngunit malao'y pinalad si Jose na mabigyan ng mataas na posiyon sa gobyerno. At di nagtagal, tinulungan niya ang kanyang mga kapatid na makaligtas sa panahon ng taggutom (*famine*) sa halip na siya'y maghiganti.


Sapagkat, matuwid at mabuting tao si Jose, pinagnilayan niya ang mga pangyayari at ipinaliwanag sa kanyang mga kapatid: "hindi kayo ang nagdala sa akin sa Ehipto, kundi ang Diyos. Nagtangka kayo ng masama sa akin, ngunit hinangad ng Diyos ang mabuti, upang mabuhay ang maraming tao."

Sa kanyang artikulo, inilahad ni Launay na ang pinakamagandang halimbawa ng *Divine Providence* ay ang buhay ni Jesukristo: "Ang pinakasukdulan ng lahat ng kasamaan ay ang pagpatay ng tao sa bugtong na Anak ng Diyos na bunga ng kasalanan ng buong santinakpan. Ngunit kung saan naghahari ang kasalanan, doon din naghahari ang biyaya ng Diyos (Roma 5:20). Mula sa mga kasamaang ito, niloob Niyang may mangyaring kabutihan: ang kaluwalhatian ni Kristo at ang ating kaligtasan," aniya.

Maaari nating idagdag dito ang kabutihang nagbunga sa terorismong naganap sa Amerika noong 2001 – ang "9/11": maraming tao ang nagbalik-loob sa Diyos – ang mga di pumapasok sa simbaha'y natutong lumuhod at magdasal, at ang mga dating hindi nagsisimba'y natutong magsimba.

Totoong ang kasamaan ay kasamaan pa rin, ani de Launay. "Mas iibigin ng Diyos na magbunga ng kabutihan ang kabutihan natin. Subalit sa pamamagitan ng kapangyarihan at biyaya ng Diyos, may nagbubungang kabutihan mula sa kasamaan. Ang katotohanang ito'y sukat umaliw sa atin sa gitna ng anumang kasamaan o paghihirap na kailangan nating suungin," ayon kay de Launay.





Mga lawarang mula sa Google



## UMIIKOT ANG MUNDO

(Mula sa pahina 15)

Kung si Aryong ang *number one bully* noon, ngayon, ang kanyang anak na si Ynar naman ang binu-*bully*.

Si Floresa, na musa ng kanilang klase at pinakamaganda, ang nakursunadahan nitong si Aryong. Ito namang si Floresa, na parang *childhood sweetheart* niya, ay sa kanya sumisiksik tuwing lalapitan, kaya, siya tuloy ang napagdiskitahan nitong si Aryong.

"Kelan pa kayo ni Floresa, ha, Alvin?" minsan ay tanong sa kanya ni Aryong na dinunggol pa ang kanyang dibdib.

"Anong kelan? Magkaibigan lang naman kami ni Floresa," sagot niya.

"Sinungaling ka! Bakit ayaw mong aminin, e, siya mismo ang nagsabi sa akin na "ON" na kayo?"

"Ha?! Sinabi niya na…"

"Oo. Kanina lang. Kaya 'wag ka nang tumanggi at baka lalo lang tayong magkagalit."

Gusto sana niyang tumanggi talaga pero iba ang matapang na lumabas sa kanyang mga labi: "Sinabi na pala niya, e, bakit pa nga ba ako tatanggi?"

"At totoo nga pala!" bulalas ni Aryong na naningkit ang mga mata. "Okey ka, bata!" sabi pa saka biglang umigkas ang palad nito na malakas na dumapo sa kanyang braso. Tinapik nga lang siya pero ramdam niya'y nakalog ang buo niyang katawan sa lakas.

Habang nagmemeryenda sila sa *canteen* nang sumunod na araw, ay kinompronta niya si Floresa, na ang ikinatwiran sa kanya ay naghatid ng kaligayahang noon lang niya naramdaman.

"Nagagalit ka ba dahil sinabi ko sa kanya na *boyfriend* kita? Kung ayaw mo, e, p'wede ko namang bawiin 'yon sa kanya," nagtatampong wika nito.

"Nagagalit? 'Yon nga ang napakatagal ko nang gustong mangyari…lagi nga lang akong tinatalo ng hiya."

"Hus, torpe," ang sabing nakangiti.

Hindi siya umimik pero isiniksik niya ang katawan kay Floresa at ginagap ang palad nito.

Simula noon ay malimit nang naging sentro si Alvin ng maaanghang at maruruming biro ni Aryong. Walang pinipiling lugar at oras. Hinihiya siya at pinatututsadahan na pilit lang niyang sinasangga ng biro rin bagama't parang bulkang puputok ang kanyang dibdib. Maraming pagkakataong siya'y napahiya at nasaktan ngunit nilunok na lang niya ang *pride* kahit kumukulo ang kanyang dugo. Pero ang huling pangyayaring sukdulan nang lumusaw sa kanyang pagtitimpi ay noong ilang linggo na lang at magtatapos na sila. Educational Tour ng *graduating class* sa Maynila. Grabe ang kaligayahan niya noon habang magkatabi silang nakaupo sa upuang bato sa mataas na bahagi ng Rizal Park na nakadunghap sa Roxas Boulevard. Nang biglang sumulpot si Aryong kasama ang isa pa nilang kaklaseng barkada nito. Paglapit nito sa kanilang dalawa ni Floresa ay tinapik siya sa balikat, pinauusod siya at gustong sa pagitan nilang dalawa umupo. Doon nabugnos ang kanyang pagtitimpi. Hindi niya naisip na wala siyang laban dito. Tumayo siya at itinulak si Aryong pero nakakita siya ng naglaglagang maraming bituin pagkatapos maramdaman ang kamaong biglang dumapo sa kanyang baba. Bumalik ang kanyang ulirat habang nasa kandungan ng nagmumura at umiiyak na si Floresa. Wala na ang bruskong si Aryong.

Hindi siya nagsumbong sa kanilang guro o kaninuman. Ang kahihiyan at isiping hindi niya kayang ipagtanggol ang kanyang kasintahan ay parang punyal na dumalirot sa kanyang utak. Hiyang-hiya siya kay Floresa. May pagkakataon ngang gusto niyang magbaon ng balisong at walang patumanggang pagsasaksakin si Aryong, ngunit laging may paalaala si Floresa.

Nagtapos nga sila sa *high school* at nawala na rin si Aryong pero ang paghihimagsik at sugat sa kanyang pagkalalaki ay naiwan nito sa kanyang utak, parang multong muli't muling nagbabalik.

Nasa ikalawang taon na siya sa kolehiyo sa Maynila nang maging *seatmate* at kaibigan niya si Buddy, na napag-alaman niyang *instructor* sa *judo-karate club* na pag-aari ng isang sikat na *action star* noon sa pelikula. Sumapi siya sa *club*…at mandin ay *adrenalin* na nagpapaalab sa kanyang hangaring matuto ng *judo-karate* ang alaala ng mukha ng kinamumuhiang si Aryong. Ngunit habang tumataas ang ranggo niya sa *club* ay nararamdaman niyang humihina ang pintig ng paghihiganti sa kanyang dibdib.

Silang dalawa rin ni Floresa ang nagkatuluyan. Nagtapos ito ng Psychology at napapasok sa DSWD samantalang siya ay natanggap agad sa *high school* na kanyang pinagtapusan. Nasa unang taon na ngayon sa kolehiyo ang kanilang bugtong na anak. Si Aryong, na bumalik ang pamilya sa pinagmulang bayan pagkatapos ng kanilang *high school graduation*, ay nabalitaan niyang muling dumating at palagiang nanirahan sa kanilang bayan kasama ang asawa at dalawang anak. Ito na raw ang nag-aasikaso ng lupang nabili ng pumanaw na ama.



Minsan man ay hindi niya hinangad na makita pang muli ang mukha ni Aryong. Nalusaw na ang takot sa kanyang dibdib ngunit ang galit ay alam niyang nahihimbing lang sa kanyang kaibuturan. Maaaring magising anumang oras. Yaon ang kanyang kinatatakutan.

KINABUKASAN, palibhasa'y tapos na ang *final exams*, ang mga estudyante ay higit na abala sa samu't saring *project* na dapat isumite sa bawat *subject teacher* nila. Si Alvin ay abala sa pagsusuma ng *final grades* ngunit halatang mailap ang matang sumusunod sa mga kilos ng kanyang mga estudyante. Tumunog ang *bell* para sa *recess*. Nang makita niyang wari'y lalabas ang binatilyong si Henry ay agad niya itong sinenyasang lumapit sa kanya. Si Ynar na isa sa dalawang estudyanteng huling lumabas upang magmeryenda ay sumulyap pa sa kanya pagkalabas ng pinto, nang nakitang papalapit sa kanya si Henry.

"*Blackbelter* ka raw sa karate?" tanong niyang nakangiti.

"O...opo, Sir," ang sagot.

"Anong *degree*, may *dan* ka na?"

"Ano pong *dan*?"

Tinitigan niya ang binatilyo. "A…*I mean*, sa anong *club* ka kasapi? Ilang ulit ka nang nanalo sa *tournament*?"

"A…e…hindi pa po ako sumasali sa *tournament*? *Self-study* lang po. Bakit po, Sir?"

Hindi siya sumagot sa halip ay kinuha niya sa *drawer* ng

(Sundan sa pahina 23)

# Charo Santos at Bea Alonzo, tampok sa horror movie na *Eerie*

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

SA unang pagkakataon ay kapwa sumabak sa *horror film* sina Bea Alonzo at ang mahusay na direktor na si Mikhail Red, kaya naman pareho silang *proud* sa pelikulang *Eerie* na handog ng Star Cinema at Cre8 Productions.

Ito'y tinatampukan din ni Charo Santos-Concio at nagsimula nang mapanood noong March 27.

Ito ang kasunod na proyekto ni Ms. Charo simula nang magbalik sa pag-arte matapos ang kanyang pagganap sa pelikulang *Ang Babaeng Humayo* ni Lav Diaz, noong 2016.

Ang pelikulang Eerie ay tungkol sa misteryo sa likod ng sunod-sunod na pagkamatay ng mga estudyante ng Sta. Lucia Academy, isang konserbatibong *all-girls* Catholic *high school*.

Una na palang naipalabas ang Eerie sa Singapore International Film Festival noong Disyembre 2018.

Ani Bea, "ito ang unang *horror film* ko at isang karangalan na magawa ko ito kasama ang nag-iisang Charo Santos-Concio. Matagal siyang hindi gumawa ng *horror film* simula Itim noong *late 70's*. Hanggang ngayon hindi ko masabi kung gaano ako kasaya para rito."

Ipinahayag naman ni Ms. Charo kung bakit siya naging interesadong gawin ang Eerie.

"*It's a horror script* pero tinatalakay din ng pelikula ang mahahalagang *issue* tungkol sa doktrina, siyensiya, paniniwala, at kaisipan. Dalawang magkaibang karakter, dalawang magkaibang paniniwala," sambit ng aktres.

*Incidentally*, ang pelikulang Itim ni Direk Mike de Leon marahil ang isa sa 'di malilimutan ni Ms. Charo dahil itinanghal siya ritong Best Actress sa Asian Film Festival.

Ayon naman sa direktor nito, talagang binusisi niya at ni-*research* ang pelikulang ito.



"*First time* kong gumawa ng *horror* at kapag gumagawa ako ng bagong *genre*, ibinabase ko talaga sa napakaraming idea na nakuha ko sa aming pagre-*research*," esplika naman ni Direk Mikhail.

Ipinahayag pa ni Bea na *dream come true* para sa kanya ang makasama sa isang *frame* si Charo. Pero noong simula raw ay may halong kaba siyang nararamdaman.

"*Honestly*, noong umpisa, talagang kinakabahan ako. Hindi ko alam kung ano ba dapat 'yung *expectations* ko, *but when the workshops and meetings came,* alam ninyo parang ibang *hat* ang suot ni Ma'am Charo. *She was not the top* ABS-CBN *executive I came to know but an actress in every way,*" saad ni Bea.

Idinagdag pa ng aktres na *open sa collaboration* si Ms. Charo, kaya iba ang pakiramdam niya sa *experience* na nakatrabaho niya ito sa naturang pelikula. Parang silang dalawa raw ay nag-*share* ng *art*, kaya hindi niya makakalimutan ang *experience* na ito.

Itinuturing ni Bea na isang *milestone* ito sa kanyang *career*, dahil bukod sa ito ang una niyang *horror movie,* ito rin ang *first time* niya na makatrabaho si Direk Mikhail, at *first time* na makasali sa isang *international festival.*

Sa panig naman ni Charo, nagbalik-tanaw siya nang unang na-*meet* si Bea. Batang-bata pa raw noon ang aktres, labintatlong taong gulang, *to be exact*. Ngunit kinakitaan na ng *veteran actress* ng potensiyal si Bea para maging *star.*

"*I was staring at her, I knew she had star quality.* Bata pa lang ako ang dami ko nang iniidolo *so when I spot a talent, I feel the star quality. And I told* Mr. M (Johnny Manahan), *she'll be one of the big stars of* ABS-CBN," pakli pa ni Ms. Charo.

Kasama rin sa *casts* ng Eerie sina Jake Cuenca, Maxene Magalona-Manananquil, Gilliam Vicencio, Mary Joy Apostol, at Gabby Padilla.

# Kilalanin si Junar Labrador, bilang Caiphas, Hestas at Aguinaldo

Ni NONIE V. NICASIO

SI Junar Labrador ay isang arkitekto *by profession,* ngunit *passion* niya talaga ang *acting*. Siya ay TV at *movie actor* at sumasabak din sa teatro. *Plus*, isa rin siyang TV *and print ad model*.

Kabilang sa mga proyektong nagawa ni Junar ay *Barkong Papel, Potpot, Bathhouse, Batas ng Lansangan*, at iba pa. Nakalabas na rin siya sa mga TV *series*, na karamihan ay mula sa GMA-7.

Mapapanood si Junar *very soon* sa pelikulang *Gun Raid*, *starring* Jonan Aguilar at mula sa pamamahala ni Direk Vic Tiro.

Nanalo na rin siya ng *award* bilang Best Supporting Actor para sa *Bangkang Papel* at Outstanding Indie *actor award* sa Asian Achievers Award para sa, *Sa Aking Mga Mata* bilang *manager* na bading.

Sa darating na Holy Week ay mapapanood siya sa *stage play* na *Martir Sa Golgota* ni Direk Lou Veloso. Ito na ang ikaapat na taong magkasunod na bahagi siya ng *play* na ito ng Tangahalang Santa Ana na magdiriwang ng kanilang 30th *anniversary this year*.

Kabilang daw sa paghahanda niya rito, bukod sa kanyang itsura ay ang panonood ng pelikula para makita niya ang *performance* ng papel na kanyang gagampanan. *This year,* gaganap si Junar ng dalawang papel dito, bilang sina Caiphas at Hestas.

Ano ang masasabi niya sa *director* nila at sa bida ritong si Lance Raymundo. "Si Direk Lou ay *supportive* na *director*, kapag nasa *rehearsals* malimit pagsasabihan ka niya kapag hindi niya gusto ang atake mo. Pero sabi nga niya, sa loob lang ng *rehearsals* iyong mga pagalit niya at para sa ikabubuti rin naming mga aktor iyon, para ma-*improve* pa lalo kami.

"Si Lance *eversince* naman mabait 'yan, kahit sa amin kumukuha rin siya ng *pointers*, hindi siya mahirap katrabaho," sambit ni Junar.

*Proud* din siyang gumanap bilang si Emilio Aguinaldo.

"Ito'y mula sa *virtual reality film* para sa isang *museum*, di ko na muna babanggitin 'yung lugar at sorpresa pa. Bale, para ito sa magfi-*field trip* na *school*, mararamdaman nila na parang nandoon sila mismo sa pangyayari noong panahon ng himagsikan kapag napanood nila 'yun *via virtual reality video*," pahayag pa ni Junar.



# Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

*date* nila ni Sonny; naka-*bikini bra* at *shorts*. Si Sonny Boy, naka-de-tiranteng *shorts*, hanggang tuhod, animo'y *surfer*; hubad-baro kahit bahagyang usli ang tiyan. Binabatak ni Sonny Boy si Tetchie patungo sa tubig. Napapatili si Tetchie.

Sinundan ni Tessa ng tingin ang nililingon niya. Napangiti.

"Sana isinama mo rin ang *girlfriend* mo," sabi sa kanya.

"*Single* ako. Ikaw, ano'ng *status* mo?"

"*Complicated*, e."

Kapag ganoon na ang sagot, may hinuha na si Janno na ayaw nitong mapag-usapan ang estado ng relasyon nito (kung meron nga). Hindi rin naman siya interesado. Kumpara kay Nets, pangkaraniwan lang ang *beauty* ni Tessa. Tabain pa, tulad ng pinsan. Bilugan din ang mukha, mulagat ang mata at ang makipot na labi na laging nakaismid ay tila badya na ito'y suplada.

Nakararami na sila ng naiihaw na *barbecue* nang balikan sila nina Sonny at Tetchie sa *cottage*. Agad na dumampot ng *barbecue* si Sonny at kinagatan.

"Okey ang lasa. Sino'ng nagtimpla?"

Itinuro ni Tetchie ang pinsan.

"Ayos," sabi ni Sonny Boy.

May baon silang bitbiting *cooler*. Kumuha roon ng de-latang *softdrink* si Sonny at iniabot kay Tetchie, na kumakagat din ng *barbecue*.

"Wala pa ba kayong balak na maligo?"

"Mam'ya na," sabi ni Tessa sa pinsan. "Nadarang kami sa baga. Baka mapasma kami…"

Nagkibit-balikat si Tetchie, tumalikod at tinabihan sa pagkakaupong nakapaharap sa dagat si Sonny.

Nakaubos ng tig-isang *stick* ng *barbecue*, muling niyaya ni Sonny na mag-*swimming* si Tetchie. Nagpaunang tumakbo si Tetchie, nagpapahabol kay Sonny patungong dagat; sinundan siya, inabot ni Sonny, at nagpatibuwal sa tubig. Naulinigan pa nila ang matinis na tili ni Tetchie.

"Masaya sila, ha?" komento ni Tessa, nakaismid na naman. Ang konsentrasyon ay nasa iniihaw na ilang piraso pang *barbecue* at ilang *hotdog*.

Nahiwatigan ni Janno na kumplikado nga yata ang *lovelife* ng pinsan ni Tetchie.

Pagdilim, naghapunan sila. Malamig na ang baong kanin ng magpinsan.

Nagyaya uling maligo ang magdyowa; sumaglit si Tessa sa banyo at nagpalit ng damit-pampaligo. Nakasando ngayon, *neon green*, at itim na *shorts*.

Pinansin na hindi siya tumitinag sa pagkakaupo niya sa *cottage* nang isilid nito sa dalang bag ang hinubad na mga damit.

"O, ayaw mo bang maligo?"


"Mam'ya na, wala kasing maiiwan dito. Me mga gamit tayo, mahirap nang masalisihan…"

Na naisip yata na may katwiran siya, pumihit na patungo kina Sonny at Tetchie na naglulunoy na sa tubig.

Napailing si Janno. Ito ang hirap nang hindi marunong lumangoy, sabi niya sa sarili, kung anu-anong palusot ang iniimbento niya huwag lamang siya lumusong sa tubig.

(ITUTULOY)

# HUWAG KANG PIPIKIT MAHAL KO



Kung itatanong mo mahal ko,
Gaano ka madaling malimot,
Pumikit ka lang mahal ko,
Pagdilat mo'y hindi na kita kilala.
At kung itututok mo ang punyal sa dibdib,
Sa susunod mong pagpikit
Naitarak ko na ito sa puso mo.
Kung sakaling sa akin
ay may babalong na luha,
Iyon ay mga luha ng galak
Ng pusong humahalakhak
Sa pagpanaw mo.
Kaya huwag mong itanong
Kung malilimot kita.
Binabalak mo pa lang na limutin ako'y
Nalimot na kita.
Binabalak mo pa lang na lisanin ako'y
Nilisan na kita.
Sa pagmamahal ko'y huwag
kang pipikit mahal ko.
Baka pagdilat mo'y malayo na ako.

**- JOE LAD SANTOS**